

TEST I. Fill in the Blanks

Panuto: Basahin ang bawat sitwasyon at punan ang patlang ng tamang sagot batay sa iyong natutunan tungkol sa mga pag-aalsa sa panahon ng pananakop ng Espanya.

<u>Mandirigmang Moro</u>	<u>polo y servicio</u>	<u>Sultan</u>	<u>Cordillera</u>
<u>Kabundukan</u>	<u>Bancao</u>	<u>Kudarat</u>	<u>Pagkakaisa</u>
<u>Mindanao</u>	<u>Bandala</u>	<u>Brunei</u>	<u>Mabundok at mapunong lugar</u>
<u>Islam</u>			

1. Si Juan ay isang batang nakikinig sa kuwento ng kanyang lolo tungkol sa isang pinuno sa Leyte na dating kakampi ng mga Espanyol ngunit nagbalik sa kanyang dating paniniwala at pinangunahan ang isang pag-aaklas noong 1622. Ang pinunong ito ay _____.
2. Sa isang palabas sa telebisyon, may isang dokumentaryo tungkol sa isang pag-aalsa sa Samar na pinamunuan ni Agustin Sumuroy. Sinabi sa palabas na ito ay dulot ng sapilitang paggawa na ipinataw ng mga Espanyol. Ang sapilitang paggawa na ito ay tinatawag na _____.
3. Habang naglalakbay sa bundok, napansin ni Miguel ang isang lumang kuweba na ayon sa kanyang guro ay minsang ginamit ng mga lihim na kilusan upang makaiwas sa pang-aapi ng mga Espanyol. Ang mga rebolusyonaryo ay nagtago sa matataas na lugar tulad ng _____.
4. Sa isang debate sa klase, tinanong ni Anna kung may bahagi ng Pilipinas na hindi kailanman tuluyang nasakop ng mga Espanyol. Sinagot ito ng kanyang kaklase, na nagsabing ito ay ang mga Muslim sa katimugang bahagi ng bansa. Ang lugar na ito ay ang _____.
5. Sa isang talakayan sa klase, tinanong ni Ginoong Cruz kung bakit hindi kailanman lubusang nasakop ng mga Espanyol ang mga Muslim sa Mindanao. Sumagot si Liza na ito ay dahil sa matinding paglaban ng mga Muslim sa kanilang kalayaan sa loob ng maraming siglo. Ang tawag sa mga mandirigmang Muslim na lumaban sa mga Espanyol ay _____.
6. Habang nag-aaral ng kasaysayan, tinanong ni Miguel ang kanyang lolo kung sino ang matapang na lider ng mga Muslim sa Mindanao na hindi sumuko sa mga Espanyol. Sinabi ng kanyang lolo na siya ay si _____.
7. Nag-uusap sina Mark at Jamal tungkol sa relihiyon ng mga Muslim sa Mindanao na naging isa sa mga dahilan kung bakit hindi sila sumuko sa pananakop ng mga Espanyol. Sinabi ni Jamal na ito ay ang relihiyong _____.

8. Habang nag-aaral ng kasaysayan, tinanong ni Miguel ang kanyang guro kung bakit nahirapan ang mga Espanyol na sakupin ang Mindanao. Ipinaliwanag ng guro na bukod sa matinding paglaban ng mga Muslim, ano pang likas na katangian ng lugar ang nagbigay sa kanila ng kalamangan? _____.

9. Nagbasa si Carla tungkol sa kalakalan noong unang panahon. Natuklasan niya na bago pa dumating ang mga Espanyol, nakipagkalakalan na ang mga Pilipino sa isang isla sa Borneo. Ano ang tawag sa pamayanang ito? _____.

10. Sa isang palabas sa telebisyon, ipinakita kung paano nagtulungan ang mga katutubo at mga rebolusyonaryo sa pagtatago ng mga lumalaban sa Espanyol. Ito ay patunay na ang mga Pilipino noon ay may _____.

TEST II. Cause and Effect Matching

Panuto: Ipares ang sanhi sa tamang bunga. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

- _____ 1. Ang mga Pilipino ay hindi nagkaroon ng isang pambansang kilusan laban sa Espanya.
- _____ 2. Madaling natalo ng mga Espanyol ang mga pag-aaklas.
- _____ 3. Nahati ang mga Pilipino at hindi nagkaroon ng matibay na alyansa.
- _____ 4. Walang isang pinunong nagpatibay ng iisang direksyon sa laban.
- _____ 5. Hindi nagkaintindihan ang mga Pilipino dahil sa pagkakaiba ng wika at kultura.

- A. Mahinang sandata at hukbo
- B. Walang pagkakaisa
- C. Kakulangan ng liderato
- D. Walang matibay na pambansang pagkakakilanlan
- E. Taktikang "divide and rule" ng mga Espanyol

TEST III. Essay.

Panuto: Sagutin ang katanungan na nasa ibaba. Isulat nang buong pagmamalaki ang iyong ideya hinggil sa mga naging aralin. Sagutin ang katanungan ng hindi bababa sa tatlong pangungusap.

Kung natalo man ang mga Pilipino sa mga labanan tulad ng kay Sumuroy, Bancao, at iba pang pag-aaklas, bakit mahalaga pa rin nating pag-aralan ang mga ito? Paano natin mauunawaan ang ambag ng kanilang sakripisyo sa ating kasalukuyang kalayaan?

Even if the Filipinos were defeated in battles such as those of Sumuroy, Bancao, and other uprisings, why is it still important for us to study them? How can we understand the significance of their sacrifices in securing our present freedom?
